

Pagbuo At Balidasyon Ng Mga Bidyu Aralin Sa Filipino 7

FIDES CLAIRE P. CATBAGAN

Teacher III

Umingan National High School
Burgos St. Poblacion Wet Umingan, Pangasinan
09560227491
fides1829@gmail.com

Abstrak — Napakahalaga ang kahandaan ng mga guro hindi lamang sa pagtuturo maging ang kahandaan sa paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo na pupukaw sa atensyon ng mga mag-aaral. Ang mga kagamitang pampagtuturong ito ang siyang tulay sa mabisang pagtuturo ng mga guro sa paaralan. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng pamamaraang deskriptibong uri pananaliksik sa kwantitibong pamamaraan sa mga umiiral na kaganapan sa kasalukuyang panahon patungkol sa pagtuturo. Ito ang naaayon na disenyo ng pag-aaral dahil ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay pagbuo at balidasyon ng bidyu aralin. Gumamit ng talatanungan para makalikom ng mga datos sa pananaliksik na ito. Ang mga napiling respondente sa pananaliksik na ito ay ang mga dalubguro sa asignaturang Filipino sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Umingan, Pangasinan sila ang napiling respondante dahil sila ang may kaalaman sa pasusuri ng mga kagamitan sa pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na bumuo at mabigyan ng balidasyon ang mga bidyu aralin sa Filipino 7 sa mga pangunahing sekundaryang pampublikong paaralan sa bayan ng Umingan. Lumabas sa pag-aaral na mayroong pitong paksa sa unang markahan ng Filipino 7 na ginawan ng bidyu aralin Bilang bahagi ng pag-aaral, lumabas na ang lahat ng antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 sa kategoryang Layunin, Nilalaman at awain o Pagtataya ay nakakuha ng pinakamatataas na deskriptibong katumbas ito ay ang mga Lubos na Nakamit, Lubos na Naaayon, Lubos na Sumasang-ayon. Ipinapakita nito na ang Balidasyon sa bidyu aralin sa Filipino 7 ay higit na katanggap-tanggap ang mga nagamit na layunin, nilalaman at gawain/pagtataya. Kung saan ang antas ng balisayon ng bidyu aralin ay katanggap-tanggap. Nangangahulugan lamang ito na ang mga bidyu araling nabuo ay epektibong gamitin sa pang-araw-araw na talakayan. Samantala ang antas sa pagtanggap ng bidyu aralin sa Filipino 7 sa kategoryang Kakayahang Mabasa, Kakayahang Magamit at Kaangkupan naman ay nakakuha din ng pinakamatataas na deskriptibong katumbas at ito ay ang mga Lubos na Nababasa, Lubos na Ginagamit at Lubos na Naaangkop. Indikasyon lamang nito na ang mga Antas sa Pagtanggap ng Bidyu Aralin sa Filipino 7 ay higit na katanggap-tanggap para magamit. Isinasaad nito na ang nabuong bidyu aralin ay naaangkop upang gamitin sa talakayan sa silid-aralan.

I. Introduksyon

Sa kasalukuyang panahon na tinatawag nang bagong normal (new normal) nariyan pa rin ang mapanghamong kalagayan ng ating mundo lalo na sa larangan ng edukasyon. Napakahalaga ang kahandaan ng mga guro hindi lamang sa pagtuturo maging ang kahandaan sa paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo na pupukaw sa atensyon ng mga mag-aaral. Ang mga kagamitang pampagtuturong ito ang siyang tulay sa mabisang pagtuturo ng mga guro sa paaralan.

Ipinapakita sa mga pagsasaliksik mula sa “7 Reason Students Learn Better with Video” ni Travis Bergwall (2015), na 94% ng mga guro ang epektibong gumamit ng mga bidyu sa panahon ng akademikong taon at natagpuan nila ang pagkatuto gamit ang bidyu ay mas mabuti pa kaysa pagtuturo sa mga estudyante sa pamamagitan ng tradisyonal na mga aklat ng teksto.

Napag-alaman naman sa pananaliksik ni Shoukot Ali (2019) mula sa Simon Fraser University, na 90.1% ng kanyang mga respondenteng mag-aaral ang nagsasabing nagustuhan nila ang ICT at kanilang pinaboran ang multimedia classroom system sa kanilang silid-aralan kung saan maaaring ipakita ang mga bidyu para sa pagtuturo at pagkatuto.

Ayon kay Elkhoully, M. (2010), ang mga bentahe ng interaktibong audio-visual na pamamaraan at paggamit ng ICT sa pag-aaral ay lalong ginagamit. Isinaad din ni Sitti Hadijah (2016) mula sa Islamic University of Riau, sa kanyang pag-aaral ang mga guro ay kailangang magkaroon ng mayamang pamamaraan sa pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng bidyu.

Ayon kay Sablic, M., Mirosavljevic, A. & Skugor, (2021) sa kanilang pananaliksik na pinamagatang A. Video-Based Learning (VBL)—Past, Present and Future: an Overview of the Research Published from 2008 to 2019, ang pag-aaral na nakabatay sa bidyu ay napatunayang isang mahusay na kagamitang sumasalamin sa mga guro, at ito ay makabuluhan din sa konteksto ng kanilang propesyonal na pag-unlad. Upang lubusang masukat ang epektibong pagtuturo ng mga guro ay sumasailalim din sila sa mga ebalwasyon para mapatunayan ang kanilang mga kakayahan tulad ng Demoteaching o pagpapakitang turo. Sabi nga nina Maria Kramer, Christian Förtsch, Julia Stürmer et al, (2020) Ang pangunahing hamon para sa mga guro ay ang pagsusuri ng mga sitwasyon sa pagtuturo at pagkatuto sa silid-aralan. Ang mga instrumentong nakabatay sa bidyu ay itinuturing na mga epektibong kagamitan para sa pagsukat ng mga kasanayan ng mga guro para sa pagsusuri ng mga sitwasyon sa silid-aralan.

KAUGNAY NA LITERATURA

Batay naman sa isinagawang pananaliksik nina Lindeberg, Henderson at Durán (2016) nagturo sila ng 11 rural na guro sa elementarya sa Nicaragua gamit ang 300 napiling mga bidyu sa pagtuturo mula sa Khan Academy na angkop sa isang proseso ng pagsasanay ng guro sa simula ng panuruang taon at isang lingguhang mentorship.

Ayon kay Angellic Jordan (2021), Paiigtingin ng Department of Education (DepEd) ang paggamit ng TV at radio-based materials upang mas masuportahan ang pagpapatupad ng blended learning para sa School Year 2021-2022.

Dagdag pa ni DepEd Secretary Leonor Briones, Hindi natin maikakaila na hindi mawawala ang mahalagang papel na ginagampanan ng TV at radio sa bansa sa paghatid ng edukasyon sapagkat hindi lahat ay may access sa internet. At noong School Year 2020-2021, nakagawa ang DepEd TV ng 1107 unang markahan at 320 ikalawang video lessons na nakahanay sa Most Essential Learning Competencies (MELCs).

Isinaad ni Christianne Joy Del Rosario (2018), sa kayang pananaliksik na mabibigyang-pansin ang makrong kasanayang panonood bilang isang epektibong paraan ng pagkatuto. Masasalaming ngayon na maraming mga audio visuals o mga bidyo ang napapanood ng maraming tao. Ito ay hindi lamang nagbibigay ng libangan bagkus ginagamit din ito sa pag-aaral at pagkatuto lalo pat ang ating panahon ay nasa Digital Age na.

Ayon naman kay Zamora, 2016, isa sa mahalagang katuwang ng guro sa pagtuturo ang isang mabisang kagamitang panturo na sasagot sa hamon ng pagbabago ng panahon, ang mga kagamitang panturo na magsisilbing tagapaghatid ng kaalaman at tagapaglinang ng mga kasanayan sa isang mag-aaral

Ayon kina Escaño at Catungal (2021) mga guro mula sa Benigno V. Aldana National High School, SDO Pangasinan II, Binalonan, Pangasinan ay nagsasabing tayo ay kabilang na sa makabagong henerasyon mas mapapadali ang pangangalap ng mga impormasyon sa pamamagitan ng mga imahe, konsepto, bidyu, palabas, bidyu recordings, at iba pang mga kagamitang biswal sa pagtuturo.

II. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng pamamaraang deskriptibong uri pananaliksik sa kwantitibong pamamaraan sa mga umiiral na kaganapan sa kasalukuyang panahon patungkol sa pagtuturo. Ito ay isang imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay-kahulugan tungkol sa isang bagay o paksa at ito ay may kinalaman sa kondisyon ng mga ugnayang nagaganap, mga gawaing umiiral, mga saloobin/pagtingin, prosesong nagaganap at mga epektibong nararamdaman o kalakarang nilinang. Ito ang naaayon na disenyo ng pag-aaral dahil ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay pagbuo at balidasyon ng bidyu aralin. Nilalayon din nito na matukoy ang mga paksa, antas ng balidasyon at antas ng pagtanggap ng mga bidyu aralin kung paano ito makatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang kasangkapang ginamit sa pag-aaral ay talatanungan. Upang makakalap ng mga datos at impormasyon bumuo ang mananaliksik ng isang survey kwestyuner na naglalaman ng mga impormasyon o pagsusuri sa nilalaman, na ginagamit sa balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 na makatutulong sa epektibong pagbuo ng isang maganda at matagumpay na kagamitang

pampagtuturo. Ginamitan ng Content Validity Form ang binuong kwestyuneyr at ipinasuri sa mga eksperto upang maging epektibo at wasto ang magiging resulta ng pananaliksik na ito. Ang talatanungan ay ipinasagot sa limang (5) dalubguro sa mga Sekondaryang mataas na paaralan ng bayan ng Umingan. Ang mga paaralang ito nagmula ang mga dalubguro bulang respondante, dalawa (2) ay mula sa Umingan National High School, isa (1) ay mula La Paz National High School, isa (1) rin ang mula sa Flores National High School, at isa (1) naman ang mula sa Maseil-seil Alo-o National High School.

III. Resulta at Pagtalakay

Ang tsapter na ito ay tinalakay ang pagpapaliwanag sa resulta at interpretasyon sa pananaliksik. Dito inilahad ang mga resulta, talahanayan at pagbuo at balidasyon ng mga bidyu aralin.

Sa talahanayan 1, narito ang mga paksa na ginamit sa unang markahan ng Filipino 7 na siyang ginamit sa pagbuo at balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7.

Talahanayan 1

Mga Paksa sa Unang Markahan ng Filipino 7

N=5

Module /Aralin	Mga Paksa sa Unang Markahan ng Filipino 7
1	Kuwentong Bayan: Ang Munting Ibon at Mga Pahayag na nagbibigay ng mga patunay
2	Pabula: Natalo rin si Pilandok at Sanhi at Bunga
3	Dokyufilm: Alamat ng Mindanao
4	Mga Retorikal na Pang-ugnay
5	Proyektong Panturismo (Bahagi 1)
6	Proyektong Panturismo (Bahagi 2)
7	Proyektong Panturismo (Bahagi 3)

Ang ika-pitong baitang ay may mga sumusunod na aralin na makikita sa talahanayan. Ang Aralin 1: Kuwentong Bayan: Ang Munting Ibon at Mga Pahayag na nagbibigay ng mga patunay;

Aralin 2: Pabula: Natalo rin si Pilandok at Sanhi at Bunga; Aralin 3: Dokyufilm: Alamat ng Mindanao; Aralin 4: Mga Retorikal na Pang-ugnay; Aralin 5: Proyektong Panturismo (Bahagi 1); Aralin 6: Proyektong Panturismo (Bahagi 2); Aralin 7: Proyektong Panturismo (Bahagi 3).

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 batay sa layunin kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

Talahanayan 2

Antas ng Balidasyon ng Bidyu Aralin sa Filipino 7 Batay sa Layunin

N= 5

<i>Sagisag: Point Value</i>	<i>Hanay ng Estatistika</i>	<i>Deskriptibong Katumbas (DK)</i>		
Ang layunin ng bidyu aralin ay...	Hanay ng Estadistika	DK	I	Ranggo
1. naaayon sa mga paksa ng bawat aralin sa unang markahan.	4.00	LN	LNK	1.5
2. mahusay na naplano, nabalangkas at naisaayos.	3.94	LN	LNK	6.5
3. isinaalang-alang ang mga “Most Essential Learning Competency” (MELC) sa bawat aralin.	3.97	LN	LNK	3.5
4. inilahad ng tiyak at nasusukat.	3.97	LN	LNK	3.5
5. naiugnay sa mga paksa ng bawat aralin ng mga mag-aaral mula sa kanilang modyul.	3.97	LN	LNK	3.5
6. nakaangkla sa Alternative Delivery Module.	3.94	LN	LNK	6.5
7. nakabatay sa pangkalahatang uri ng mag-aaral sa pagkatuto.	3.89	LN	LNK	10
8. nakadiseno para sa asynchronous learning.	3.94	LN	LNK	6.5
9. higit na nakabase sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto.	3.94	LN	LNK	6.5
10. isinangguni sa mga eksperto sa paggawa ng bidyu aralin.	4.00	LN	LNK	1.5
<i>(Average Weighted Mean)</i>	3.96	LN		

Sagisag:	Point Value	Hanay ng Estatistika	Deskriptibong Katumbas (DK)	Interpretasyon (I)
	4	3.50-4.00	Lubos na Nakamit (LN)	Lubos na Nakamit ang Kasanayan (LNK)
	3	2.50-3.49	Nakamit (N)	Nakamit ang kasanayan (NK)
	2	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nakamit (HGN)	Hindi Gaanong Nakamit ang Kasanayan (HGNC)
	1	1.00-1.49	Hindi Nakamit (HN)	Hindi Nakamit Ang Kasanayan (HNC)

Makikita sa talahanayan 2 na ang antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa kategoryang layunin ay mapapansin na may AWM na 3.96 na lubos na nakamit. Ang nakakuha naman ng may pinakamataas numerical na katumbas sa antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 sa kategoryang layunin ay ang bilang (1) naaayon sa mga paksa ng bawat aralin sa unang markahan at bilang (10) isinangguni sa mga eksperto sa paggawa ng bidyu aralin na may 4.00 na nasa deskriptibong katumbas na Lubos na Nakamit o (LN). Samantala, ang may pinakamababang numerical na katumbas ay ang bilang (7) nakabatay sa pangkalahatang uri ng mga mag-aaral sa pagkatuto na may 3.89 na may sagisag na Lubos na Nakamit (LN).

Sa talahanayan 3, narito ang antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 batay sa kategoryang nilalaman kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

Talahanayan 3

Antas ng Balidasyon ng Bidyu Aralin sa Filipino 7 Batay sa Nilalaman

N= 5

Ang nilalaman ng bidyu aralin ay...	Hanay ng Estadistika	DK	I	Ranggo
1. direktang naiugnay sa mga natukoy na layunin.	3.97	LN	LNK	1.5
2. simple at madaling naunawaan ng mga mag-aaral.	3.91	LN	LNK	6.5
3. ganap na natalakay.	3.86	LN	LNK	10
4. suportado ng mga inilahad na paksa at mga halimbawa.	3.89	LN	LNK	8
5. natalakay nang may kaangkupan sa paksa.	3.94	LN	LNK	3.5
6. nakaayon sa kasanayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.	3.97	LN	LNK	1.5
7. nakaayon sa kasanayan sa pagganap ng mga mag-aaral.	3.94	LN	LNK	3.5
8. kinakitaan ng mga interesadong paksa na humikayat sa mga mag-aaral para makinig.	3.91	LN	LNK	6.5
9. naglahad ng mga impormasyong nakatulong sa mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang sariling saloobin at kaalaman tungkol sa paksa.	3.87	LN	LNK	9
10. higit na nabigyang pansin ang pagkatuto ng mga mag-aaral.	3.94	LN	LNK	3.5
<i>(Average Weighted Mean)</i>	3.55	LN		

Sagisag:	Point Value	Hanay ng Estatistika	Deskriptibong Katumbas (DK)	Interpretasyon (I)
	4	3.50-4.00	Lubos na Nakamit (LN)	Lubos na Nakamit ang Kasanayan (LNK)
	3	2.50-3.49	Nakamit (N)	Nakamit ang kasanayan (NK)
	2	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nakamit (HGN)	Hindi Gaanong Nakamit ang Kasanayan (HGNC)
	1	1.00-1.49	Hindi Nakamit (HN)	Hindi Nakamit Ang Kasanayan (HNC)

Makikita sa talahanayan 3 na ang antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa kategoryang nilalaman ay may AWM na 3.55 na nangangaluhugang lubos na naaayon. Ang nakakuha ng may pinakamataas na numerical na katumbas sa antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 sa kategoryang nilalaman ay ang bilang (1) derektang naiugnay sa mga natukoy na layunin at bilang (6) nakaayon sa kasanayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral na may 3.97 na nasa deskriptibong katumbas na Lubos na Naaayon o (LN). Samantala ang may pinakamababang numerikal na katumbas ay ang bilang (3) ganap na natalakay na may 3.86 na may sagisag na Lubos na Naayon o (LN).

Mapapansin sa talahanayan 4 ang antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 batay sa gawain/pagtataya kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

Talahanayan 4

Antas ng Balidasyon ng Bidyu Aralin sa Filipino 7 Batay sa

Gawain/ Pagtataya

N=5

Ang bidyu aralin ay ginamit upang.....	Hanay ng Estadistika	DK	I	Ranggo
1. makita ang paglago ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa paksang tinalakay	3.94	LS	LSK	3.5
2. matukoy ang mga araling kailangan pang pagtuunan ng pansin sa mga mag-aaral.	3.91	LS	LSK	6.5
3. masubok ang abilidad ng mga mag-aaral mula sa mga karunungan kanilang natutunan batay sa pinanood na bidyu aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain o pagtataya mula dito.	3.89	LS	LSK	8
4. masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain at pagtataya sa bidyu aralin.	3.80	LS	LSK	9
5. matukoy ang mga araling higit na natamo o naintindihan ng mga mag-aaral.	3.71	LS	LSK	10
6. matasa at matukoy ang abilidad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain at pagtataya sa bidyu aralin.	3.91	LS	LSK	6.5
7. maging patunay ang pag-unlad sa kaalaman ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino base sa kanilang nakuha sa pagtataya.	3.94	LS	LSK	3.5
8. matiyak na natuto ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain at pagtataya sa bidyu aralin.	3.97	LS	LSK	2
9. masukat ang lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral mula sa mga gawain at pagtataya na ibinigay ng guro mula sa bidyu aralin.	4.00	LS	LSK	1
10. naging instrumento at gabay sa mga guro upang malaman ang kahinaan at kalakasan ng mga mag-aaral.	3.94	LS	LSK	3.5
<i>(Average Weighted Mean)</i>	3.90	LS		

Sagisag:	Point Value	Hanay ng Estatistika	Deskriptibong Katumbas (DK)	Interpretasyon (I)
	4	3.50-4.00	Lubos na Nakamit (LN)	Lubos na Nakamit ang Kasanayan (LNK)
	3	2.50-3.49	Nakamit (N)	Nakamit ang kasanayan (NK)
	2	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nakamit (HGN)	Hindi Gaanong Nakamit ang Kasanayan (HGNC)
	1	1.00-1.49	Hindi Nakamit (HN)	Hindi Nakamit Ang Kasanayan (HNC)

Makikita sa talahanayan 4 na ang antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa kategoryang gawain/pagtataya ay may AWM na 3.90 na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon. Ang nakakuha ng may pinakamataas na numerikal na katumbas sa antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 sa kategoryang gawain o pagtataya ay ang bilang (9) masukat ang lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral mula sa mga gawain at pagtataya na ibinigay ng guro mula sa bidyu aralin 4.00 kabuuang bahagdan at nasa deskriptibong katumbas na Lubos na Sumasang-ayon o (LS). Samantala, ang may pinakamababang numerikal na katumbas ay ang bilang (5) matukoy ang mga araling higit na natamo o naintindihan ng mga mag-aaral na may 3.71 na may deskriptibong katumbas na Lubos na Sumasang-ayon o (LS).

Ang susunod ay talahanayan 5 na kung saan nandito ang buod sa antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7. Dito nakapaloob ang kabuuang resultang ginamit sa balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7. Kabilang dito ang mga kategoryang layunin, nilalaman at gawain/pagtataya.

Talahanayan 5

Buod sa Antas ng Balidasyon ng Bidyu Aralin sa Filipino 7

N=5

Kategorya	WM	DK
Layunin	3.96	LK
Nilalaman	3.55	LK
Gawain/Pagtataya	3.9	LK
Overall Weighted Mean	3.8	LK

Sagisag:	Point Value	Hanay ng Estatistika	Deskriptibong Katumbas (DK)	Interpretasyon (I)
	4	3.50-4.00	Lubos na Nakamit (LN)	Lubos na Nakamit ang Kasanayan (LNK)
	3	2.50-3.49	Nakamit (N)	Nakamit ang kasanayan (NK)
	2	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nakamit (HGN)	Hindi Gaanong Nakamit ang Kasanayan (HGNC)
	1	1.00-1.49	Hindi Nakamit (HN)	Hindi Nakamit Ang Kasanayan (HNC)

Ipinapakita sa talahanayang ito ang buod ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 na may OWM na 3.80 na nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap. ang nagtamo ng pinakamataas na numerikal na katumbas sa antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 ay ang Layunin na may 3.96 na nangangahulugang Lubos na Katanggap-tanggap. Nakapagtala naman ng pinakamababang numerikal na katumbas ang nilalaman na may 3.55 na may deskriptibong katumbas na Lubos na Katanggap-tanggap.

Sa talahanayan 6, nakapaloob ang antas sa pagtanggap ng bidyu aralin sa Filipino 7 batay sa kakayahang Mabasa kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

Talahanayan 6
Antas sa Pagtanggap ng Bidyu Aralin sa Filipino 7 Batay sa Kakayahang Mabasa
N=5

Ang bidyu aralin ay.....	Hanay ng Estadistika	DK	I	Ranggo
1. gumamit ng mga salita o terminong madaling mabasa at maunawaan.	3.77	LN	LNK	9
2. may tamang sukat ng font letter para madaling mabasa ng mga mag-aaral.	3.76	LN	LNK	10
3. mayroong malinaw na mga pangungusap at mga larawan na nababasa at nakikita ng mga mag-aaral.	3.94	LN	LNK	4.5
4. may akma ng kulay ng mga salita (font color) para madaling mabasa ng mga mag-aaral.	4.00	LN	LNK	1
5. gumamit ng tamang estilo ng mga salita (font style) ang nabuong bidyu aralin para madaling basahin ng mga mag-aaral.	3.89	LN	LNK	6.5
6. gumamit ng Bold Letters para madaling basahin at bigyang diin ang mga mahahalagang salitang ginamit sa bidyu aralin.	3.94	LN	LNK	4.5
7. may mga nalinyahang mga salitang nais bigyan ng kahulugan o nais ilarawan mula sa paksa.	3.89	LN	LNK	6.5
8. nababasa at malinaw na naitala ang bawat pahayag o pangungusap na tatalakayin.	3.97	LN	LNK	2.5
9. nakita ang mga hiram na salita sa pamamagitan ng pag-italize sa mga salitang ginamit sa pangungusap.	3.89	LN	LNK	6.5
10. nabasa nang maayos ang mga pangungusap sa tulong ng mga tamang bantas na ginamit.	3.97	LN	LNK	2.5
<i>(Average Weighted Mean)</i>	3.90	LN		

Sagisag:	Point Value	Hanay ng Estatistika	Deskriptibong Katumbas (DK)	Interpretasyon (I)
	4	3.50-4.00	Lubos na Nakamit (LN)	Lubos na Nakamit ang Kasanayan (LNK)
	3	2.50-3.49	Nakamit (N)	Nakamit ang kasanayan (NK)
	2	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nakamit (HGN)	Hindi Gaanong Nakamit ang Kasanayan (HGNC)
	1	1.00-1.49	Hindi Nakamit (HN)	Hindi Nakamit Ang Kasanayan (HNC)

Makikita sa talahanayan 6 na ang antas ng pagtanggap ng bidyu aralin sa kategoryang kakayahang mabasa ay may AWM na 3.90 na may deskriptibong katumbas na Lubos na Nababasa o (LN) ang may may pinakamataas na numerikal na katumbas sa antas ng pagtanggap ng ng Bidyu Lesson sa Filipino 7 sa kategoryang Kakayahang Mabasa ay ang bilang (4) may akmalang kulay ng mga salita (font color) para madaling mabasa ng mga mag-aaral na 4.00 na nasa deskriptibong katumbas na Lubos na Nababasa o (LN). Samantala, ang may pinakamababang numerikal na katumbas ay bilang (2) may tamang sukat ng font letter para madaling mabasa ng mga mag-aaral na may 3.76 kabuuang bahagdan na may sagisag na Lubos na Nababasa o (LN).

Ang talahanayan 7 antas sa pagtanggap ng bidyu aralin sa Filipino 7 batay sa kakayahang magamit kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

Talahanayan 7
Antas sa Pagtanggap ng Bidyu Aralin sa Filipino 7 Batay sa Kakayahang Magamit
N= 5

Ginagamit ang binuong bidyu aralin upang.....	Hanay ng Estadistika	DK	I	Ranggo
1. mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa kanilang paksa.	4	LG	LGK	1
2. subukin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa 5 makrong kasanayan.	3.91	LG	LGK	7
3. hikayatin ang mga mag-aaral na makinig sa talakayan.	3.97	LG	LGK	3.5
4. maging kapakipakinabang sa pang-araw-araw na talakayan sa unang markahan.	3.89	LG	LGK	8.5
5. mas lalo pang maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang paksa sa tulong ng mga presentasyong nakikita.	3.89	LG	LGK	8.5
6. maging bilang mabisa at epektibo ang pagpapaliwanag ng paksa partikular sa mga malalalim na salita o mahihirap na paksa.	3.97	LG	LGK	3.5
7. mapaiksi ang oras ng pagpapaliwag sa paksang tinatalakay.	3.94	LG	LGK	6
8. maging tama at maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya mula sa paksa upang maayos na matuto ang mga mag-aaral.	3.88	LG	LGK	10
9. sukatin ang pang-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral sa paksa sa tulong ng mga gawaing naitala sa paksang aralin.	3.97	LG	LGK	3.5
10. sukatin ang haba ng atensyon ng mga mag-aaral sa pakikinig ng kanilang paksang aralin.	3.98	LG	LGK	2
(Average Weighted Mean)	3.94	LG		

Sagisag:	Point Value	Hanay ng Estatistika	Deskriptibong Katumbas (DK)	Interpretasyon (I)
	4	3.50-4.00	Lubos na Nakamit (LN)	Lubos na Nakamit ang Kasanayan (LNK)
	3	2.50-3.49	Nakamit (N)	Nakamit ang kasanayan (NK)
	2	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nakamit (HGN)	Hindi Gaanong Nakamit ang Kasanayan (HGNC)
	1	1.00-1.49	Hindi Nakamit (HN)	Hindi Nakamit Ang Kasanayan (HNC)

Makikita sa talahanayan 7 na ang antas ng pagtanggap ng bidyu aralin sa kategoryang kakayahang magamit ay may AWM na 3.94 na may deskriptibong katumbas na Lubos na Nagagamit o (LN). Ang nakakuha ng may pinakamataas na numerika na katumbas sa Antas ng Pagtanggap ng Bidyu Lesson sa Filipino 7 sa kategoryang Kakayahang Magamit ay ang bilang (1) mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa kanilang paksa na may kabuuang bahagdan na 4.00 at nasa deskriptibong katumbas na Lubos na Ginagamit o (LG). Samantala, ang may pinakamababa numerikal na katumbas ay ang bilang (8) maging tama at maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya mula sa paksa upang maayos na matuto ang mga mag-aaral na may 3.88 kabuuang bahagdan na may sagisag na Lubos na Ginagamit o (LG).

Ang talahanayan 8 antas sa pagtanggap ng bidyu aralin sa Filipino 7 batay sa kaangkupan kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

Talananayan 8
Antas sa Pagtanggap ng Bidyu Aralin sa Filipino 7 Batay sa Kaangkupan
N= 5

Ang bidyu aralin ay naaangkop.....	Hanay ng DK Estadistika	I	Ranggo
1. upang mas higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang kasalukuyang paksa.	3.97	LN	LNK 3.5
2. para malinang ang kanilang kakayahan sa paglutas ng mga suliranin sa paksa.	3.97	LN	LNK 3.5
3. sa kabisahan ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kalidad nito.	3.94	LN	LNK 7.5
4. bilang pangunahing kagamitan upang mapanatili ang konsentrasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng paksa.	3.89	LN	LNK 10
5. upang pagtibayin ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pakang aralin.	4.00	LN	LNK 1.5
6. bilang makabagong kagamitan sa pagtuturo.	3.97	LN	LNK 3.5
7. para makuha ang interes ng mga mag-aaral para makinig.	3.94	LN	LNK 7.5
8. at ito ay nagbigay buhay sa paksang tinalakay.	3.97	LN	LNK 3.5
9. sa iba't ibang uri ng mag-aaral (Individual Differences).	3.94	LN	LNK 7.5
10. na gamitin ng mga guro at mag-aaral sa klase.	4.00	LN	LNK 1.5
<i>(Average Weighted Mean)</i>	3.96	LN	

Sagisag:	Point Value	Hanay ng Estatistika	Deskriptibong Katumbas (DK)	Interpretasyon (I)
	4	3.50-4.00	Lubos na Nakamit (LN)	Lubos na Nakamit ang Kasanayan (LNK)
	3	2.50-3.49	Nakamit (N)	Nakamit ang kasanayan (NK)
	2	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nakamit (HGN)	Hindi Gaanong Nakamit ang Kasanayan (HGK)
	1	1.00-1.49	Hindi Nakamit (HN)	Hindi Nakamit Ang Kasanayan (HNK)

Makikita sa talahanayan 8 na ang antas ng pagtanggap ng bidyu aralin sa kategoryang kaangkupanay may AWM na 3.96 na may deskriptibong katumbas na Lubos na Naaangkop. Ang nakakuha ng may pinakamataas na numerikal na katumbas sa Antas sa Pagtanggap ng ng Bidyu aralin sa Filipino 7 sa kategoryang Kaangkupan ay ang bilang (5) upang pagtibayin ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pakang aralin at (10) na gamitin ng mga guro at mag-aaral sa klase na 4.00 kabuuang bahagdan at nasa deskriptibong katumbas na Lubos na Naaangkop o (LN). Samantala, ang may pinakamababang numerikal na katumbas ayang bilang (4) bilang pangunahing kagamitan upang mapanatili ang konsentrasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng paksa. na may 3.89 kabuuang bahagdan na may sagisag na Lubos na Naangkop o (LN).

Ang susunod ay talahanayan 9 na kung saan nandito ang buod sa antas ng pagtanggap ng bidyu aralin sa Filipino 7. Dito nakapaloob ang kabuuang resultang ginamit sa balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7. Kabilang dito ang mga kategoryang kakayahang mabasa, kakayahang magamit at kaangkupan.

Talahanayan 9

Buod ng Antas sa Pagtanggap ng Bidyu Aralin sa Filipino 7

N=5

Kategorya	WM	DK
Kakayahang Mabasa	3.90	LK
Kakayahang Magamit	3.94	LK
Kaangkupan	3.96	LK
Overall Weighted Mean	3.93	LK

<i>Sagisag :</i>	<i>Point Value-</i>	<i>Numerikal na katumbas</i>	<i>Deskriptibong Katumbas (DK)</i>
	4	3.50 – 4.00	Lubos na Katanggap-tanggap (LS)
	3	2.50 – 3.49	Katanggap-tanggap (S)
	2	1.50 – 2.49	Hindi Gaanong Katanggap-tanggap (HGS)
	1	1.00 – 1.49	Hindi Katanggap-tanggap (HS)

Ipinapakita sa talahanayang ito ang buod ng pagtanggap ng bidyu aralin sa Filipino 7 na may OWM na 3.93 na nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap. Ang nagtamo ng pinakamataas na numerikal na karumbas sa antas ng pagtanggap ng bidyu aralin sa Filipino 7 ay ang Kaangkupan na may 3.96 na nangangahulugang Lubos na Katanggap-tanggap. Nakapagtala naman ng pinakamababang numerikal na katumbas ay ang Kakayahang Mabasa na may 3.90 na may deskriptibong katumbas na Lubos na Katanggap-tanggap.

IV. Conclusion

Batay sa lagom na natuklasan, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo, ang ika-pitong baitang ay nagkaroon ng balidasyon ng bidyu aralin sa grade 7 sa Unang Markahan na may pitong aralin ito ay ang mga sumusunod 1: Kuwentong Bayan: Ang Munting Ibon at Mga Pahayag na Nagbibigay ng mga Patunay; Aralin 2: Pabula: Natalo rin si Pilandok at Sanhi at Bunga; Aralin 3: Dokyufilm: Alamat ng Mindanao; Aralin 4: Mga Retorikal na Pang-ugnay; Aralin 5: Proyektong Panturismo (Bahagi 1); Aralin 6: Proyektong Panturismo (Bahagi 2); Aralin 7: Proyektong Panturismo (Bahagi 3). Bilang bahagi ng pag-aaral, lumabas na ang lahat ng antas ng balidasyon ng bidyu aralin sa Filipino 7 sa kategoryang Layunin, Nilalaman at awain o Pagtataya ay nakakuha ng pinakamatataas na deskriptibong katumbas ito ay ang mga Lubos na Nakamit, Lubos na Naaayon, Lubos na Sumasang-ayon. Ipinapakita nito na ang Balidasyon sa bidyu aralin sa Filipino 7 ay higit na katanggap-tanggap ang mga nagamit na layunin, nilalaman at gawain/pagtataya. Kung saan ang antas ng balisayon ng bidyu aralin ay katanggap-tanggap. Nangangahulugan lamang ito

na ang mga bidyu araling nabuo ay epektibong gamitin sa pang-araw-araw na talakayan. Samantala ang antas sa pagtanggap ng bidyu aralin sa Filipino 7 sa categoryang Kakayahang Mabasa, Kakayahang Magamit at Kaangkupan naman ay nakakuha din ng pinakamatataas na deskriptibong katumbas at ito ay ang mga Lubos na Nababasa, Lubos na Ginagamit at Lubos na Naaangkop. Indikasyon lamang nito na ang mga Antas sa Pagtanggap ng Bidyu Aralin sa Filipino 7 ay higit na katanggap-tanggap para magamit. Isinasaad nito na ang nabuong bidyu aralin ay naaangkop upang gamitin sa talakayan sa silid-aralan.

REFERENCES

- [1] Angellic Jordan (2021)- Paggamit ng TV at radio lessons para sa S.Y. 2021-2022, paigtingin ng DepEd <https://tinyurl.com/28jwz5b3>
- [2] Christianne Joy Del Rosario (2018)- Epektibong Paggamit ng Panood Bilang Pamamaraan ng Pagkatuto sa mga Piling Mag-Aaral sa Baitang 11-STEM sa Asignaturang Haynayan ng Sekondarya ng Lagro <https://tinyurl.com/36546yww>
- [3] Elkhoully, M., (2010)- Cases on challenges facing e-learning and national development: Institutional Studies and Practices, elearning in EGYPT, Volume I, Editor: Ugur Demiray, Anadolu University, Eskisehir-Turkey
- [4] Escano, M. T. F., & Catungal, M. C. (2021)- Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Panood ng El Filibusterismo-Volume # 2 Isyu blg. 2.
- [5] Lindenberg, A., Henderson, K. I., and Durán, L., (2016)- “Using Technology and Mentorship to Improve Teacher Pedagogy and Educational Opportunities in Rural Nicaragua”, *Global Education Review*, Vol 3 (1), pp.66-87.
- [6] Maria Kramer, Christian Förtsch, Julia Stürmer et al, (2020)- Measuring biology teachers’ professional vision: Development and validation of a video-based assessment tool, *Cogent Education*, 7:1, DOI: 10.1080/2331186X.2020.1823155
- [7] Sablić, M., Mirosavljević, A. & Škugor, (2021)- A. Video-Based Learning (VBL)—Past, Present and Future: an Overview of the Research Published from 2008 to 2019 *Tech Know Learn* 26, 1061–1077 (2021).
- [8] Shoukot Ali, 2019-Impacts of Watching Videos On Academic Performance At University Level <https://www.researchgate.net/publication/333809236>
- [9] Sitti Hadijah, & Pd, M. (2016). Teaching By Using Video: Ways To Make It More Meaningful In Efl Classrooms
- [10] Travis Bergwall 2015- 7 Reasons Students Learn Better with Video <https://www.linkedin.com/pulse/7-reasons-students-learn-better-video-travis-bergwall>
- [11] Zamora, N (2016)- Pagtataya sa Modularisasyon ng K-12 sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Modelo ng Ebalwasyon para Kagamitang Panturo na Tutugon sa Ika-21 Siglong Kasanayan